Para sa mga empleado na nahawahan ng COVID-19 sa lugar ng trabaho

# Kapag nahawaan nito sa lugar ng trabaho, maaring makatanggap ng Industrial Accident Compensation Insurance

## Sino ang kuwalipikado?

- **Kapag malinaw na sa lugar ng trabaho nahawahan**
- **Kahit hindi malinaw kung saang lugar nahawa, kung ang iyong trabaho ay may mataas na panganib na mahawahan* at may mataas na posibilidat na ikaw ay nahawaan sa lugar ng iyong pinagtatrabahuhan**

* (Halimbawa 1) Sa lugar ng trabaho kasama ng ibang mga tao na positibo

* (Halimbawa 2) Ilang trabaho na may pagkakataong kalapitan sa kliyente at iba pa

- **Ang mga doctor, nars at caregiver, bilang patakaran, ay kuwalipikado maliban na lamang kung malinaw na nahawaan sa labas ng lugar ng trabaho**

## Kategorya ng benepisyo sa ilalim ng Industrial Accident Compensation Insurance

Ang mga empleyadong nahawahan ng COVID-19 na sanhi ng pangyayari sa trabaho o bereaved pamilya ay makatanggap ng mga susunod na insurance benefit kahit na ang iyong trabaho ay full-time o part-time.

### Medical Treatment (Compensation) Benefit

1) Bilang patakaran, libre ang pagpapapagamot sa mga pagamutang itinakda sa sistema ng Industrial Accident Compensation Insurance.
2) Kapag nagpagamot sa isang pagamutang hindi kasali sa mga pagamutang itinakda ng Rosai, kailangang bayaran ang halaga ng pagpapapagamot at pagkatapos ay maaring isagawa ang pamamaraan para sa "reimbursement" at makatanggap ang kabuuang halaga na ginastos sa pagpapapagamot.

### Leave (Compensation) Benefit

Kung hindi nakapagtrabaho at hindi nakatanggap ng sahod, dahil sa pagpapapagamot, ipagkakaloob ang Leave (Compensation) Benefit.

- Mula kailan：ikaapat na araw mula sa araw ng hindi pagpasok sa trabaho
- Magkano：80% ng Basic Daily Benefit Amount sa isang araw (kasama ng 20% ng Special Allowance)

∗Bilang patakaran, ang Basic Daily Benefit Amount ay kinakalkula sa pamamagitan ng halaga ng 3 buwang sahod bago maganap ang pagkapinsala at hinati sa bilang ng araw sa kalendaryo

### Bereaved Family (compensation) Benefit

Maaaring makatanggap ng Bereaved Family (Compensation) Pension o Bereaved Family (Compensation) Lump-sum ang namatayang kamag-anak na nahawahan sa lugar ng trabaho.

- Kumonsulta sa Labour Bureau o Labor Standards Inspection Office sa malapit na lugar ▶

Ministry of Health, Labour and Welfare
/Prefectural Labour Bureau/Labor Standards Inspection Office

（2020.11）